



Liham Pastoral
sa
Paglulunsad ng Natatanging Hubileo ng Awa
sa Taon ng Banal na Eukaristiya at Taon ng Pamilya

“Mga kapatid, kung ang Diyos ay panig sa atin, sino ang laban sa atin? Hindi niya ipinagkait ang sarili niyang Anak kundi ibinigay para sa ating lahat. Kung naipagkaloob niya sa atin ang Kanyang Anak, hindi ba niya ipagkaloob sa atin ang lahat ng bagay, kasama ng kanyang Anak!” (Roma 8, 31-32)

Mga pinakamamahal kong mga kapatid na pari, mga relihiyoso at relihiyosa, mga lider-layko, mga pamilya, mga kabataan at lahat ng mga kapatid sa pananampalataya na bumubuo sa sambayanan ng Diyos sa Diyosesis ng San Jose, Nueva Ecija:

Tayo ay nakikiisa sa Inang Simbahan sa pagdiriwang ng Ekstraordinaryong Hubileo ng Awa. Minimithi natin kaisa ng Santo Papa na maging mas bukas tayo sa pagkilala sa Diyos ng Awa na hindi nagkukulang sa pagbibigay ng Kanyang Awa sa atin. Sa totoo lang, ito ay laging nag-uumapaw! Sa kanyang sulat sa mga taga-Roma, tinuran ni San Pablo: “Kung naipagkaloob niya sa atin ang Kanyang Anak, hindi ba niya ipagkaloob sa atin ang lahat ng bagay, kasama ng kanyang Anak!” Binigyang-diin niya na lahat ay ipagkaloob ng Diyos sa atin upang mapabuti ang buhay natin dahil sa kanyang pagmamahal sa ating lahat.

Tayo din ay inaanyayahang alisin sa ating mga puso ang mga balakid upang mabilis at patuloy na dumaloy ang awa ng Diyos sa ating puso, sa pamilya at sa pamayanang ating kinabibilangan. Buong kababaang-loob nating kilalanin ang ating mga kasalanan at pagsisihan ang mga ito. Gayundin naman ay pakinggan ang panawagang patawarin ang mga kasalanan ng iba. Huwag nating hayaan ang mga materyal na bagay ang maging daan upang mapigilang bumalong ang awa ng Diyos sa buhay natin.

Kung tunay na namamahay ang nag-uumapaw na awa ng Diyos sa atin hindi dapat mapigilan ang ating sarili na maging daan o instrumento ng awa ng Diyos para sa isa't isa lalo't higit sa mga nangangailangan nito. At dahil ang Diyos ay naging maawain sa ating lahat, dapat ay mas magiging maawain tayo.

Ang awa ng Diyos ay sentro ng ating pananampalataya. Ito ay bunga ng pagmamahal na ipinagkakaloob ng Diyos sa atin kahit na hindi tayo karapat-dapat sa biyayang ito. Ito din ang uri ng pagmamahal na dapat nating ipagkaloob sa isa't-isa. Kaya naman, tinuturuan tayong magmahal lalo't higit sa mga kapatid nating napapabayaang, mga taong nakatira sa gilid-gilid, at mga taong hindi karapat-dapat sa ating pagmamahal.

Ang Extraordinaryong Hubileo ng Awa ay isang malaking hamon sa atin na bigyan natin ng pansin ang pagsasakatuparan sa mga pangkatawan at espirituwal na pagkakawanggawa. Ang mga ito ay mga pagkilos na ginagawa natin upang maipa-abot ang nag-uumapaw na awa at malasakit ng Diyos sa mga kapatid nating kapus-palad.

Ang pitong (7) kawangawang pangkatawan ay ang mga kawangawang tumutugon sa mga materyal at pangkatawang pangangailangan, kagaya ng:

1. Pakainin ang Nagugutom
2. Patuluyin ang Walang Masilungan
3. Painumin ang Nauuhaw
4. Paramtan ang Walang Maisuot
5. Dalawin ang mga may Karamdaman
at Dalawin ang mga nasa Bilangguan
6. Ilibing ang mga Namatay
7. Magbigay ng limos sa mahihirap

Ang pitong mga espirituwal na kawangawa ay mga gawa ng pagmamalasakit na tumutugon sa emosiyonal at espirituwal na pangangailangan ng kapwa. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Gabayan ang kulang sa karunungan
2. Pagpayuhan ang mga nagdududa
3. Paalalahanan ang mga makasalanan
4. Pagpaumanhinan ang pagkakamali ng iba
5. Taos pusong pagpapatawad sa mga nagagawang pagkakamali sa iyo
6. Aliwin ang mga nahihirapan
7. Ipanalangin ang mga nangabubuhay at mga nangamatay

Gayundin naman, sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito ay maaaring ipakita at ipadama ng mga tao ang pagmamahal: sa pamamagitan ng mga salitang nagpapahayag ng pagmamahal, pagbibigay ng sapat na oras, mga gawa ng paglilingkod, mga regalo, at sa pamamagitan ng "physical touch." Ang mga ito ay dapat nating gawing mga hakbang upang maging mabunga ang mga kawangawang ipinaa-abot natin sa isa't-isa lalo na sa mga kapatid nating mahihirap.

Ang dahilan daw kung bakit hindi nagiging mabunga ang ginagawa nating mga kawanggawa ay dahil hindi natin ginagawa ang mga pamamaraan na alam nating makabubuti at mas maiintindihan ng mas nakakarami.

Upang makatugon tayo sa hamon ng Hubileo ng Awa mahalaga na hingin din natin ang biyayang makita ang mukha ni Hesus sa kapwa. Ang pagmamahal natin kay Hesus ang mismong magtutulak upang maging daan tayo ng kanyang awa sa mas nakararami kung palagiang nakikita natin siya sa mukha ng bawat isa, lalo na sa mga mahihirap. Alalahanin natin na kung anumang kawanggawa na ginawa natin sa ating mga kapatid ay kay Hesus mismo natin iyon ginagawa.

Ang mga Obispo sa Pilipinas ay itinalaga din ang taong ito bilang Taon ng Eukaristiya at Taon ng Pamilya. Ang dalawang malalaking pagdiriwang na ito ay magandang pagkakataon upang higit nating mabigyan ng kahulugan ang pagdiriwang ng Hubileo ng Awa.

Binibigyang pansin natin, sa pagdiriwang ng Hubileo ng Awa, unang-una ay ang BANAL NA EUKARISTIYA. Ang pagdiriwang ng banal na Eukaristiya ay isang pag-alaala kay Kristo. “Gawin ninyo ito bilang pag-alaala sa akin!” Si Kristo ang sentro ng buhay ng isang Kristiyano. Siya mismo ang Diyos ng Awa na nagkatawang tao para sa ating lahat. Bilang tanda ng pagpapahalaga natin kay Kristo ay ating ipinagdiriwang ang misteryo ng pagmamahal ng Diyos sa sangkatauhan. Ito ay ang pagdiriwang ng Banal na Misa.

Ang Eukaristiya ay hindi isang ordinaryong ritwal. Ito ay isang pagkakataon ng pakikipagniig ng Diyos sa sangkatauhan. Ito ay ang rurok ng buhay-Kristiyano at ng ating pananampalataya. Sa Eukaristiya, nakakaugnay ng tao ang Diyos nang malapitan at ang pari ang nagsisilbing tagapamagitan upang higit nating tanggapin si Hesus sa ating buhay. Ang Eukaristiya ay tanda ng walang hangang pag-ibig ng Diyos sa Tao. Ayon kay San Juan Maria Vianney, “Ang Eukaristiya ay walang iba kundi si Hesus. At ang pari ang nagsisilbing tagapaghatid ng pag-ibig na ito sa sangkatauhan.” Kaya nga ayon sa kanya, “Ang pari mismo ang pag-ibig sa puso ni Hesus.” Sa pamamagitan ng pari natutupad ang nais na iparating ni Hesus: ang maipadama sa sangkatauhan ang walang hanggang pag-ibig ng Diyos.

Ang Banal na Eukaristiya ay mahalagang paalala na ang Diyos natin ay Diyos na nagbibigay ng kanyang sarili bilang pagkain ng kanyang bayan. Tayong pinapakain ng Diyos ng kanyang katawan ay inaanyayahan din na maging kawangis Niya at magbigay din ng ating mga sarili bilang pagkain sa pamamagitan ng konkretong paglilingkod sa isa't isa.

Sa pamamagitan ng pagtanggap natin kay Hesus sa Banal na Eukaristiya, tayo ay unti-unting hinuhubog at nagiging buhay na tanda ng Awa ng Diyos sa ating pagmamalasakit at pagmamahal sa isa't isa lalo na sa mga higit na nangangailangan ng awa ng Diyos.

Ang pangalawang binibigyan ng mahalagang pansin sa taong ito ay ang PAMILYA. Ang pamilya ay salamin ng isang buhay na Simbahan. Ito ang unang tahananang nagtuturo ng awa. Dito nararanasan at natututunan ang Awa ng Diyos nang una at higit sa lahat. Dito nararanasan ang kapatawaran at pagpapatawad, ang malasakit sa mahihina, matatanda at maysakit, at ang paglilingkod sa ating kapwa.

Sa buong taon na ito, tayong lahat ay inaanyayahan na bigyan ng halaga ang pamilya, at mahal inatin ito nang walang hinihinging kapalit. Hingin natin na bigyan tayo ng puso na marunong magpahalaga sa BUHAY na kaloob ng Diyos. Magkaisa tayong lahat sa pananalangin para sa ikababang mga pamilya sa buong sanlibutan. Wala sanang pusong magiging alipin ng dusa at hinagpis dahil sa pagkasira ng pamilya. Pukawin nating muli ang damdamin ng bawat isa sa magandang kalooban ng Diyos para sa malalim na biyaya ng buhay pamilya. Huwag nating hayaan na ang mga bata ay magkaroon ng hikbi sa kanilang mga puso dahil sa kapabayaan ng kanilang mga magulang o ng mga taong higit nilang inaasahan na mag-aaruga sa kanila. Tulungan nating magbago ang mga Ina at mga Ama na mas pumipiling pahalagahan ang kanilang mga pansariling damdamin sa halip na baguhin nila ang kanilang maling pag-uugali na nagiging sanhi ng pagkakawatak-watak at pagkasira ng kanilang mga pamilya.

Maraming mga bata ang nasa lansangan, mga batang napapariwara ang buhay, mga batang hinahanap ang tunay na pagmamahal mula sa kanilang mga magulang, mga batang tuluyan nang nasira ang magandang kinabukasan. Lahat ng mga batang ito ay biktima ng pagkakataon at kapabayaan ng kanilang mga magulang. Huwag na nating dagdagan pa ang kanilang pagdurusa, bagkus ay magkaroon tayo ng pusong may awa at malasakit para sa kanila. Ipagdasal natin sila, hilingin natin na lagi, kasama ang lahat ng mga banal, na sila ay gabayan at patnubayan sa kanilang buhay. Magtulung-tulong tayong makabuo ng isang tahanan at paaralan na magsisilbing tirahan kung saan madarama nila ang tunay na pagmamahal at pagmamalasakit, magsisilbing gabay sa kanila na magtuturo sa wastong daan ng kabutihan at kabanalan. Ipanalangin natin na sa kabila ng kanilang paghihirap ay maramdaman nilang may Diyos na maawain at mahabagin na handang tumulong sa kanila.

Panghuli, sa buong taon ng pagdiriwang ng Hubileo ng Awa, ako ay nagtalaga ng mga simbahan upang maging mga *pilgrim church*. Ito ay ang mga simbahan ng San Nicolas de Tolentino sa Carranglan, San Roque sa Cuyapo, San Geronimo sa Baloc, Imakulada Konsepsiyon sa Nampicuan at ang Katedral ni San Jose. Sa ating pagtungo at pagdarasal sa mga simbhang ito, maaari tayong makatamo ng indulhensiya plenarya (kung tutupdin ang mga kondisyong nakapaloob sa paggagawad ng indulhensiya). At sa darating na ika-14 ng Disyembre 2015 ay bubuksan sa ating katedral ang Banal na Pintuan- Ang Pintuan ng Awa hudyat ng pagsisimula ng Hubileo ng Awa. Sa ating pagpasok sa pintuang ito na sumisimbolo kay Kristo-ang pintuan tungo sa buhay na walang hanggan, makamtan nawa natin ang habag

ng Diyos at sa diwa ng malalim na pananampalataya at pag-ibig ay maipadama din natin sa ating kapwa ang habag na ating natamo. Ang mga biyayang ito na hatid ng hubileo ay patuloy nawang magpalapit sa atin sa tunay na pinagbubukalan ng awa- ang ating Panginoong Hesukristo- siya na Panginoon, noon, ngayon at magpakailanman.

Sa tulong ng panalangin ng ating Mahal na Inang si Maria at sa patnubay ng ating patron ng si San Jose Manggagawa, nawa'y maging mabunga ang mga gawaing ito ng pagkakawang-gawa hindi lamang sa mga tumatanggap nito, higit sa lahat sa nagkakaloob nito upang ang mga gawain natin sa pagdiriwang ng hubileo ay magpalalim sa ating pananampalataya at pag-ibig sa Diyos na nananahan sa Banal na Eukaristiya. Patuloy nawa nating makita ang mukha ni Kristo sa mukha ng mga kapatid natin lalo na sa mahihirap. At tayo nawa'y magkaisa upang mapabanal ang mga Kristiyanong Pamilya sa buong mundo sa pamamagitan ng mga gawa at panalangin natin. Ang batis ng awa ng Diyos na bumabalong ay patuloy na mag-umapaw sana sa buong mundo sa pamamagitan ng mga banal na pamilya.

Ipinagkaloob sa Tanggapan ng Obispo, Katedral ni San Jose, ang Manggagawa, Lungsod ng San Jose, Nueva Ecija ngayong ika-22 ng Nobyembre 2015, Dakilang Kapistahan ng Pagkahari ng Panginoong Hesukristo sa Sanlibutan.



+ Roberto C. Mallari, D.D.

Obispo ng San Jose, Nueva Ecija